Mga Impormasyon Tungkol sa Gamot

Paglunas kung malantad sa HIV

(PEP: Post-exposure prophylaxis)

Ano ang PEP?

Ang ibig sabihin ng *"prophylaxis"* ay pag-inom ng gamut upang maiwasan ang sakit.

Ang ibig sabihin ng *"post-exposure prophylaxis"* (PEP) ay pag-inom ng gamot laban sa HIV sa sandaling malantad sa HIV upang maiwasan ang mga impeksyon.

Ito ay nangangahulugan ng pag-inom ng dalawa o tatlong gamot laban sa HIV, na nagmumula sa iba't-ibang uri, sa loob ng isang buwan.

Ang PEP ay hindi gamot sa HIV/AIDS. Hindi rin garantisadong 100% ang bisa nito. May iba't-ibang pagsusuri na nagsasabing ang PEP ay maaring makapigil sa 80-90% na impeksyon sa HIV.

Kailan dapat ibigay ang PEP?

Ang PEP ay kinakailangang simulan sa sandaling malantad sa HIV. Dapat simulan sa loob ng 24 na oras, at tiyaking hindi hihigit sa 72 oras mula sa pagkalantad sa HIV.

Sino ang dapat magsa-alang-alang sa PEP?

- Pagkalantad sa trabaho – Kadalasan, ang PEP ay ibinibigay sa mga tagapag-alagang nalalantad sa HIV mula sa mga sugat na sanhi ng karayom ng iniksyon.
- Ibang paraan ng pagkalantad – maaari ding isa-alang-alang ang pagbibigay ng PEP sa mga pangyayaring napagalaman nang nakapaglalantad sa HIV, tulad ng pakikipagtalik nang walang proteksyon, paggamit ng karayom ng ibang taong napag-alamang may HIV, lalu na sa mga pangyayaring hindi inaasahan o hindi sinasadya (hal: kapag may ginagahasa, o kapag nagputok ang kondom).

Mga dapat pag-isipan sa paggamit ng PEP na hindi nauugnay sa hanap buhay.

Maraming tagagawa ng mga alituntunin at mga tagapag-alaga ang nagpahayag ng pagkabahala tungkol sa paggamit ng PEP sa pagkalantad na hindi nauugnay sa hanapbuhay. Kasama rito ang mga sumusunod:

- Ang PEP ay hindi natutulad sa "morning after pill" na humahadlang sa pagbubuntis. Ito'y masalimuot na panlunas na nagsasangkot ng paginom ng maraming gamot maraming beses sa isang araw, sa loob ng isang buwan.
- Ang mga gamot sa PEP ay maaaring panggalingan ng maraming di-kanais-nais na side effects.
- Ang PEP ay napakamahal. Ang isang buwan ng PEP ay maaaring magkahalaga ng $1,000. Hindi ito mumurahing paraan ng pag-iwas sa impeksyon sa HIV.
- Ang hindi ligtas na kaugalian na sanhi ng pagkalantad, na di nauugnay sa hanapbuhay, ay maaaring mangyari nang di lamang minsan, (walang proteksyong pakikipagtalik, o pakikigamit ng karayom) at hindi maaring simulan ang PEP sa tuwing magsasagawa ng kaugaliang hindi ligtas.

- Kung iisipin na ang PEP ay madaling paraan ng pagiwas sa HIV infection, maaaring maging dahilan ito ng pagpapatuloy ng hindi ligtas na kaugalian. Hindi dapat ipalit ang PEP sa pag-sasagawa ng ligtas na paraan ng pakikipagtalik sa pamamagitan ng paggamit ng kondom, at paggamit ng malinis na mga kagamitan sa pagdudurog, bilang natatanging paraan sa pag-iwas sa HIV infection.

Anu-ano ang iba pang panganib ng PEP?

- Ang bawa't gamot na ginagamit sa PEP ay may mga side effects tulad ng pagkapagod, pag-susuka at pagtatae.
- Kung nalantad ka sa HIV strain na hindi tinatablan ng ibang gamot laban sa HIV, maaaring hindi umepekto ang PEP para sa iyo.
- Kung hindi mo iinumin ang mga gamot sa PEP ng tama sa oras ayon sa hatol, maaari kang magkaroon ng HIV infection.

Saan ako makakakuha ng PEP?

Ang mga alituntunin at paraan ng pagbibigay ng PEP ay maaring magbago sa iba-ibang siyudad. Ang mahalagang bagay na dapat tandaan ay kailangan itong simulan sa lalung madaling panahon ng pagkalantad sa HIV, at kung maaari ay sa loob ng 24 na oras.

Makipag-alam kaagad sa iyong doktor o mga tagapag-alaga kung alam mong ikaw ay nalantad sa HIV. Kung hindi mo sila makontak sa loob ng 24 na oras, makipag-alam sa sexual health clinic na pinakamalapit sa iyong tirahan o kaya ay sa emergency department upang humingi ng payo.

Copyright @ACAS 2001 & 2005. This fact sheet is produced by ACAS (Asian Community AIDS Services) and is available in English, Chinese (Traditional and Simplified), Tagalog and Vietnamese. Funding for this project is provided by the Ontario HIV Treatment Network (OHTN) and Health Canada. Copies can be down-loaded at : www.acas.org/treatment. ACAS provides comprehensive support and case management services for Asian people living with HIV/AIDS; and HIV/AIDS prevention education to the east and southeast Asian Canadian populations in the Greater Toronto Area. ACAS is located at 33 Isabella Street, Suite 107, Toronto, Ontario M4Y 2P7. Tel: (416)-963-4300, Fax: (416)-963-4371 Email: support@acas.org

Legal Disclaimer: While we make every attempt to ensure the accuracy and reliability of information contained in this website/ fact sheet, the information provided here are designed for refer-ence purposes only. These information should not be relied upon as a substitute for medical advice from a qualified professional health care provider and should not be used for diagnosing or treating a condition or illness. Please consult a physician if you have any concerns about your health, treatment regimen and questions related to HIV/AIDS. ACAS, its employees and board members will not be responsible for any loss or harm, however arising, from the use of, or reliance on this information.